H E K A S I 5

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



# PAGBABAGO SA PANAHANAN SA PANAHON NG ESPANYOL


Department of Education
BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION
2nd Floor Bonifacio Building
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

GRADE V

# PAGBABAGO SA PANAHANAN SA PANAHON NG ESPANYOL

## ALAMIN MO



Pagmasdan mo ang nasa larawan.

Naalala mo ba ang ang mga panahanan ng ating mga ninuno? Ano ang masasabi mo sa ayos ng panahanan?

Tama ka, hiwa-hiwalay at layu-layo pa.

Ano sa palagay mo ang uri ng panahanan ng mga Pilipino sa panahon ng Espanyol?

Sa modyul na ito, ay matutuhan mo ang panahanang itinatag ng mga Espanyol.

Game ka na ba?

## PAGBALIK-ARALAN MO

Panuto: Punan mo ng wastong titik ang bawat kahon upang mabuo ang salitang tinutukoy.
Isulat mo ang iyong kasagutan sa kuwaderno.

1. Malawak na lupain at patag

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | | P | | T | | G | | N |

2. Matatagpuan sa bunganga ng bundok.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| K | | W | | B | |

3. Tawag sa mga ninunong naghahanap at palipat-lipat ng lugar.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| N | | M | | D |


4. Ang mga naninirahan sa lugar na ito ay gumagamit ng balsa at bangka.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| B | | Y | B | | Y | | N | G | - | D | | G | | |

5. Ang ginagawa ng mga ninuno na sinusunog ang mga halaman at punongkahoy sa ilang bahagi ng bundok.

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | | G | K | | K | | | N | G | | N |

## PAG-ARALAN MO



Pagmasdan mo ang dalawang nakalarawan.

Gusto mong turuan ang mga tao ng tamang paggawa ng bag na yari sa mga retaso. Alin ang pipiliin mong ayos ng panahanan upang madali mo silang turuan? Bakit?


Tama, ang magkakalapit na tirahan ang madaling turuan ng paggawa ng bag na yari sa retaso.

Ganyan ang naisipan ng mga pari.

Upang madaling maturuan ng relihiyong Katolismo ang mga Pilipino pinaglapit-lapit ng mga pari ang kanilang mga tirahan. Isinaayos nila ang panahanan ng mga Pilipino.

Pag-aralan mo ang nasa larawan.

Ito ang karaniwang ayos ng kabisera o kabayanan




May iba't-ibang paraan ang ginawa ng mga paring Espanyol upang mapagbago ang panahanan ng mga Pilipino!

1. Ang mga pamilya sa isang barangay ay pinagsama-sama sa isang lugar at tinawag itong pueblo o kabayanan.

2. Ang mga nakatira sa baybaying dagat ng di mapaalis ay ginawang kabayanan o kabisera.

3. Sapilitang pinalipat ng mga pari sa kapatagan ang mga Pilipinong nasa kagubatan at kabundukan.

Nanatili sa kuweba at liblib na pook ang Pilipinong hindi narating ng mga pari.

Pagmasdan mo ang nasa larawan. Makikita ang ganitong uri ng panahanan sa kapatagan at sa mga lugar na malapit sa ilog o dagat. Ang mga pamilyang Pilipino ay pinagsama-sama. Ang ganitong panahanan ang pinakasentro o gitna ng isang parokya na pinamamahalaan ng isang pari. Ito ang tinatawag na kabisera.



Ang mga yari ng bahay ay iniangkop sa klima ng bansa. Karamihan ay yari sa kahoy, kawayan at sawali. Ang mga malalaking bahay naman ay may maluluwang na sala, malalaking silid at may batalan at azotea. Ito ang arkitekturang Antillean.

Tanong:

1. Bakit nais ng mga misyonerong pari na paglapit-lapitin ang mga tauhan ng mga Pilipino?

2. Magbigay ng mga ginawang pamaraan ng mga pari upang mapagbago ang panahanan ng mga Pilipino.

3. Ano ang tinatawag na arkitekturang Antillean?

## PAGSANAYAN MO

Gawin mo ang pagsasanay na ito sa iyong kuwadernong sagutan.

Panuto: Tama o Mali. Isulat ang T kung tama ang pangungusap at M kung mali.

_____ 1. Gumawa ng paraan ang mga misyonerong pari upang mabago ang panahanan ng mga Pilipino.
_____ 2. Malaking tulong sa mga pari ang lapit-lapit na tirahan ng mga Pilipino.
_____ 3. Nasiyahan ang mga Pilipino sa bago nilang panahanan.
_____ 4. Ang mga Pilipinong nakatira sa kuweba at liblib na pook ay nahikayat na manirahan sa kapatagan.
_____ 5. Ang parokya ang pinakasentro ng kabisera.
_____ 6. Sapilitang pinababa sa kapatagan ang mga Pilipinong nakatira sa bundok.
_____ 7. Ang mga bahay na itinayo sa panahon ng Espanyol ay angkop sa klima ng bansa.
_____ 8. Naging mabisa ang ginawang pagsasaayos ng mga pari sa panahanan sa naging dahilan ng pagkakalapit ng mga tirahan ng mga Pilipino.
_____ 9. Ang Arkitekturang Antillean ay mga gusaling may malalapad na bubong at palapag.
_____10. Ang pamayanang nagkalapit ng tirahan ay madaling maturuan.

## TANDAAN MO

Nagkaroon ng mga pagbabago sa panahanan ang mga Pilipino sa Panahon ng Espanyol.



## ISAPUSO MO

Basahin ang sitwasyon sa ibaba at pangatwiranan mo ang iyong sagot sa tanong.

Ang magkakalapit na tirahan sa isang lugar o panahanan ay nakapagbabago sa kalagayang panlipunan ng mga Pilipino. Kung nabubuhay ka noong panahon ng Espanyol, papayag ka ba sa ginawang pagbabago sa mga panahanan? Bakit/bakit hindi?



## GAWIN MO

Pumili ka ng isang uri ng panahanan at ito ay iyong isalarawan.

A. magkakalayo
B. sa tabing ilog
C. sa kapatagan
D. sa kabundukan
E. sa kabisera



## PAGTATAYA


Panuto: Piliin at isulat mo sa iyong kuwadernong sagutan ang titik ng tamang sagot.

Pahalang:

1. Ang pinakasentro ng parokya
2. Ang namumuno sa parokya
3. Ang pinagsama-samang barangay
4. Ang pinagbabatayan sa pagpapatayo ng bahay.
5. Ang lugar na sapilitang pinaglipatan ng mga nasa kabundukan
6. Ang tawag sa sama-samang pinaninirahan ng mga tao


Pababa:

7. Ang lugar na sapilitang pinababa ang Pilipino
8. Ang lugar na ayaw lisanin ng mga mangingisda
9. Ang mga bahagi na malalaki ang sala at may azotea
10. Ang lugar na pinamumunuan ng pari




PAGPAPAYAMANG-GAWAIN

Sumulat ka ng isang talata kung paano ka makatutulong sa inyong barangay.



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.